

Pagkain Yugto 1

* Ang pagkain at tubig ay kailangan para sa ating pisikal na kagalingan ng ating katawan. Kailangan nating kumain ng pagkain upang makasulong tayo na ipamuhay ang ating buhay para sa Dios at makapaglingkod sa Kanya. Ang gasolina para sa ating pisikal na katawan ay ang pisikal na pagkain na kailangan nating kainin upang makatangap ng calories. Kaya, ang pagkain ay magahaga para sa isang malusog na buhay upang makamit nag layunin ng Dios sa ating buhay.

* Bakit mahalaga na isama ang usapin ng pagkain kapag tinalakay natin ang pagkain tungkol sa pananalapi? Dahil marami ang walang pakundangang gumagastos sa pagkain para masiyahan ang kanilang panlasa. * Binabanggit sa Banal na Kasulatan ang tungkol sa kahirapan ay dinadalaw ang mga taong mahilig gumastos ng malaki sa ilang pagkain na mayaman sa langis **“17 Ang umiibig ng kalayawan ay magiging dukha: ang umiibig sa alak at langis ay hindi yayaman.” (Kawikaan 21:17 KJV)**

Gaya ng pagsisiyasat natin sa mga Banal na Kasulatan sa ibaba, makikita natin na binigyan ng Panginoon ng pagkain ang Kanyang bayan upang magkaroon sila ng lakas na gawin ang Kanyang gawain.

I. “33 At samantalang naguumaga, ay ipinamamhanik ni Pablo sa lahat na magsikain, na sinasabi, Ang araw na ito ang ikalabingapat na araw na kayo'y nangaghihintay at nangagpapatuloy sa hindi pagkain, na walang kinakaing anoman. 34 Kaya nga ipinamamhanik ko sa inyo na kayo'y magsikain: sapagka't ito'y sa ikaliligtas ninyo: sapagka't hindi mawawala kahit isang buhok sa ulo ng sinoman sa inyo. 35 At nang masabi na niya ito, at makadampot ng tinapay, ay nagpasalamat siya sa Dios sa harapan ng lahat; at kaniyang pinagputolputol, at pinasimulang kumain. 36 Nang magkagayo'y nagsilakas ang loob ng lahat, at sila nama'y pawang nagsikain din. 37 At kaming lahat na nangasa daong ay dalawang daan at pitongpu't anim na kaluluwa. 38 At nang mangabusog na sila, ay pinagaan nila ang daong, na ipinagtatapon sa dagat ang trigo.” *(Mga Gawa 27:33-38 KJV) Ang pagkain na ibinigay sa mga pasahero sa barko ay nagpalakas sa kanilang katawan; kaya nga nagawa nilang, **“ay pinagaan nila ang daong, na ipinagtatapon sa dagat ang trigo.”** (Mga Gawa 27:38 KJV) Binanggit dito ni Pablo sa mga tao sa **“34 Kaya nga ipinamamhanik ko sa inyo na kayo'y magsikain: sapagka't ito'y sa ikaliligtas ninyo: sapagka't hindi mawawala kahit isang buhok sa ulo ng sinoman sa inyo.”** (Mga Gawa 27:34 KJV) Kaya mahalaga ang pagkain para sa kaligtasan ng buhay at lakas. Pagkatapos ng labing apat na araw na walang pagkain, kumain sila. Ito ay tinapay, na payak, ngunit malusog sa halaga at malusog sa katawan. Hindi pa naihurnong ang tinapay na iyon kamakailan. Lumang tinapay ito dahil sa loob ng labing apat na araw ay dumadaan sila sa isang kakila kilabot na hangin sa gitna ng nagngangalit na dagat. * Sa mga panahong ito kakaunti lamang ang pumipili para sa lumang tinapay. Ang mga dahilan ay magiging ito ay sira o lumipas na sa petsa o ito ay maamag. Ngunit para sa mga pasahero sa barko, ang lumang tinapay din ang ginamit ng Dios upang bigyan ng lakas ang mga pasahero upang magpatuloy sa susunod na yugto ng kanilang buhay. * Ang punto ko ay hindi tayo kumakain ng lumang pagkain o sirang pagkain. Ang punto dito ay ang natural na pagkain ay nagdadala ng maraming dami ng sustansya upang palakasin ang ating katawan upang mabuhay para patuloy nating ipamuhay ang ating buhay para sa Dios. * Hindi ang iba pang mga bagay ang mahalaga tulad ng lasa nito o ang pagiging sariwa o ang hitsura nito.

* Kaya kapag kailangan kong bumili ng aking pagkain upang kainin ay tinitingnan ko ang dami ng sustansya nito. Na makakatulong sa akin upang bumili ng masustansya na pagkain sa isang mababang halaga. Hindi ko na kailangan bumili ng mamahaling tinapay, gulay, o karne. Mabibili ko pa rin ang hindi gaanong mahal na tatak ng tinapay, gulay, at karne at natatangap ko pa rin ang parehong dami ng sustansya ng pagkain. * Magandang punto ito para sa pangangasiwa; makakaipon tayo ng pera na pwedeng gamitin sa ibang marangal na layunin.

II. “1 At si Elias na Thisbita, na sa mga nakikipamayan sa Galaad, ay nagsabi kay Achab: Buhay ang Panginoon, ang Dios ng Israel, na ako'y nakatayo sa harap niya hindi magkakaroon ng hamog o ulan man sa mga taong ito, kundi ayon sa aking salita. 2 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya, na nagsasabi, 3 Umalis ka rito, at lumiko ka sa dakong silanganan, at magkubli ka sa tabi ng batis Cherith na nasa tapat ng Jordan. 4 At mangyayari, na ikaw ay iinom sa batis; at aking iniutos sa mga uwak na pakanin ka roon. 5 Sa gayo'y naparoon siya at ginawa ang ayon sa salita ng Panginoon: sapagka't siya'y pumaroon at tumahan sa tabi ng batis Cherith, na nasa tapat ng Jordan. 6 At dinadalhan siya ng tinapay at laman ng mga uwak sa umaga, at tinapay at laman sa hapon, at siya'y umiinom sa batis.” (1 Hari 17:1-7 KJV) Dinala ng mga uwak ang pagkain kay Elias, ang lalaki ng Dios. Dinala nila ang tinapay at ang karne sa kanilang mga bibig kay Elias at kinain niya ang mga ito at uminom ng tubig mula sa sapa. **Kung ginawa iyon ng Dios sa atin ngayon, handa ba tayong kumain ng gayong pagkain? Ano ang sasabihin natin sa Dios? Tatanungin ba natin ang Dios tungkol sa kalinisan nito?**

Isipin mo na lang na kailangan ni Elias na kumain ng parehong pagkain sa umaga at gabi nang matagal. Hindi niya kailanman tinanong ang Dios. Hindi binanggit na sinabi niya sa Panginoon, *‘Hindi ko gusto ang parehong*

lasa, Panginoon!’ o ‘Bakit ganoon iyon Panginoon?’ Para sa kanyang pag-inom ng tubig, ininom niya ang tubig mula sa sapa, hindi tulad natin na nagpapawi ng ating uhaw sa pamamagitan ng kape, juice, o softdrinks. Nagpapasalamat si Elias sa Dios dahil siya ang tagapaglaan. Talagang nag aalala ang Dios sa pagkain ni Elias at nagbigay sa kanya ng protina, taba, at carbohydrates.

* Ang punto na kailangan nating binigyang-diin ay hindi ang tatak ng pagkain, ang pagiging sariwa nito, at ang halaga nito sa pera ang mahalaga. Hangga't ito ay masustansya, nagpapadagdag sa ating kalusugan, at nagbibigay daan sa atin upang maglingkod sa Dios, ito ay mabuti. * Marami ang partikular tungkol sa ilang tatak ng pagkain at gagastos sila ng maraming pera sa partikular na mga pagkain para lamang makuha ang lasa na gusto nila. Ngunit ang mas murang mga tatak ay may parehong masustansyang halaga at nagbibigay ng parehong mga benepisyo sa ating pisikal na katawan. * Nagtatrabaho tayo at nagsisikap na kumita ng ating kabuhayan at kailangan nating idirekta ang ating kinikita sa matalinong paraan ng paggastos. Kailangan nating ikapu ang ating kita, gumastos nang matalino para sa pagkain, tirahan, at pag aaral ng ating mga anak at palakihin sila sa makadiyos na paraan. Bukod sa ating ipon, naglalaan din tayo ng pera para sa gawain ng Dios. Samakatuwid ang lasa ng mamahaling pagkain ay hindi mahalaga.

III. “7 At nangyari, pagkaraan ng sanggayon, na ang batis ay natuyo, sapagka't walang ulan sa lupain. 8 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya, na sinasabi, 9 Ikaw ay bumangon, paroon ka sa Sarepta, na nauukol sa Sidon, at tumahan ka roon: narito, aking inutusan ang isang baong babae roon na pakanin ka. 10 Sa gayo'y bumangon siya, at naparoon sa Sarepta; at nang siya'y dumating sa pintuan ng bayan, narito, isang baong babae ay nandoon na namumulot ng mga patpat: at tinawag niya siya, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaunting tubig sa inuman, upang aking mainom. 11 At nang siya'y yumayaon upang kumuha, tinawag niya siya, at sinabi, Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay. 12 At kaniyang sinabi, Ang Panginoon mong Dios ay buhay, ako'y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito, ako'y namumulot ng dalawang patpat, upang ako'y pumasok, at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain, bago kami mamatay. 13 At sinabi ni Elias sa kaniya, Huwag kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi, nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak. 14 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa. 15 At siya'y yumaon, at ginawa ang ayon sa sabi ni Elias: at kumain ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan na maraming araw. 16 Ang gusi ng harina ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan, ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Elias.” (1 Hari 17:7-16 KJV)

Dito, si Elias ay pinatnubayan ng Dios na magkaroon ng ibang mapagkukunan ng pamumuhay. Inutusan siya ng Dios na pakainin ng isang balo. Sumunod si Elias sa Dios, kaya naman may pagkain para kay Elias at sa babae at sa kanyang pamilya. Isipin mo na lang na araw araw ay kumakain ng cake ng tinapay at walang ibang pagkain. Ano ang mararamdaman natin tungkol dito kung gagawin iyon sa atin ng Panginoon? Kailangan nating magpasalamat sa anumang ibinibigay sa atin ng Dios. Hindi tinanggihan ni Elias ang alok ng Dios na ipadala siya sa isang balo upang pakainin siya. Marami ang magmamataas na tatanggi kung ipapadala sila ng Dios sa ilang tao upang pakainin sila dahil doon ay mapipilitan silang kumain ng simpleng pagkain. Binanggit ni Jesus ang kuwento tungkol kay Elias sa Bagong Tipan, na nagpapatunay na ang Diyos ang nagsugo kay Elias sa partikular na balo na iyon. “25 Datapuwa't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maraming mga baong babai sa Israel nang mga araw ni Elias, nang sarhan ang langit sa loob ng tatlong taon at anim na buwan, noong datnan ng malaking kagutom ang buong sangkalupaan;” (Lucas 4:25 KJV) Sa panahon ngayon, maraming tao ang nagmamalaki sa kanilang marangyang pagkain at gumagastos ng malaki para dito kapag ipinadala sila sa mission field.

May mga tiyak na pagkakataon na ang mga tao ay binibigyan ng libreng pagkain, ngunit sa halip na kainin ang pagkain na iyon ay pupunta sila at bibili ng ibang pagkain dahil hindi nila matanggap ang lasa ng pagkain na paulit ulit sa loob ng maraming araw. May mga tiyak na tao na nagtatrabaho sa ilang mga kumpanya na nagbibigay ng libreng pagkain. Kailangan nilang magpasalamat sa Dios dahil hindi nila kailangang maghanda ng sarili nilang pagkain at makakatipid sila ng oras, pera, at pagsisikap.

IV. “1 At sinaysay ni Achab kay Jezabel ang lahat na ginawa ni Elias, at kung paanong kaniyang pinatay ng tabak ang lahat ng mga propeta. 2 Nang magkagayo'y nagsugo si Jezabel ng sugo kay Elias, na nagsasabi, Ganito ang gawin sa akin ng mga dios, at lalo na, kung hindi ko gawin ang buhay mo na gaya ng buhay ng isa sa kanila kinabukasan sa may ganitong panahon. 3 At nang makita niya ay bumangon siya, at yumaon dahil sa kaniyang buhay, at naparoon sa Beerseba, na nauukol sa Juda, at iniwan ang kaniyang lingkod doon. 4 Nguni't siya'y lumakad ng paglalakbay na isang araw sa ilang at naparoon, at umupo sa ilalim ng isang punong kahoy na enebro: at siya'y humiling sa ganang kaniya na siya'y mamatay sana, at nagsabi, Sukat na; ngayon, Oh Panginoon kunin mo ang aking buhay; sapagka't hindi ako mabuti kay sa aking mga

magulang. 5 At siya'y nahiga at natulog sa ilalim ng punong kahoy na enebro; at, narito, kinalabit siya ng isang anghel, at sinabi sa kaniya, Ikaw ay gumising at kumain. 6 At siya'y tumingin, at, narito, na sa kaniyang ulunan ang isang munting tinapay na luto sa бага, at isang sarong tubig. At siya'y kumain at uminom, at nahiga uli. 7 At ang anghel ng Panginoon ay nagbalik na ikalawa, at kinalabit siya, at sinabi, Ikaw ay bumangon at kumain; sapagka't ang paglalakbay ay totoong malayo sa ganang iyo. 8 At siya'y bumangon, at kumain, at uminom, at siya'y yumaon sa lakas ng pagkaing yaon, na apat na pung araw at apat na pung gabi hanggang sa Horeb sa bundok ng Dios. 9 At siya'y naparoon sa isang yungib, at tumuloy roon: at, narito, ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya, at sinabi niya sa kaniya, Ano ang ginagawa mo rito Elias?" (1 Hari 19:1-9 KJV) Ang Diyos ay napakamalasakit sa Kanyang lingkod na si Elias. Nang tumakas siya mula kay Jezebel na siyang sumunod sa kanya upang patayin siya, nagpakita ng malasakit ang Dios sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng tamang pagkain, upang palakasin ang kanyang katawan para sa mahabang paglalakbay na naghihintay sa kanya. "8 At siya'y bumangon, at kumain, at uminom, at siya'y yumaon sa lakas ng pagkaing yaon, na apat na pung araw at apat na pung gabi hanggang sa Horeb sa bundok ng Dios." (1 Hari 19:8 KJV) Iyan ang inilaan ng Dios para sa kanya na inumin at kainin. Ginising siya ng anghel ng Panginoon ng dalawang beses upang kumain at uminom upang mapalakas upang pumunta at ipagpatuloy ang kanyang paglalakbay sa layuning maglingkod sa Dios. Hindi labis-labis o kakaibang pagkain ang ibinigay sa kanya ng Panginoon kundi simpleng pagkain para mabuhay siya. **Hindi mahalaga na tayo ay binigyan ng pinakamainam na kalidad na pagkain, dahil kahit simple at mas mababang halaga na pagkain ay malaki ang magagawa sa ating misyon. Ang mas mahalaga ay magkaroon tayo ng lakas sa ating katawan upang gampanan ang ating responsibilidad sa Dios at sa mga tao.**

V. "1 Ikaw naman, anak ng tao, kumuha ka ng isang losa, at ilagay mo sa harap mo, at gumuhit ka sa ibabaw ng isang bayan, sa makatuwid бага'y ng Jerusalem. 2 At kubkubin mo, at magtayo ka ng mga katibayan sa tapat noon, at maglaagay ka ng bunton sa tapat noon; maglaagay ka rin ng mga kamento sa tapat noon; at magumang ka ng mga pangaksak sa tapat noon sa palibot. 3 At magdala ka ng kawaling bakal, at ilagay mo na pinakakutang bakal sa pagitan mo at ng bayan: at iharap mo ang iyong mukha sa dako niyaon, at makukubkob, at iyong kukubkubin. Ito ang magiging tanda sa sangbahayan ni Israel. 4 Bukod dito'y humiga ka ng patagilid sa iyong kaliwa at ilagay mo ang kasamaan ng sangbahayan ni Israel doon; ayon sa bilang ng mga araw na iyong ihihiga roon, magdanas ka ng kanilang kasamaan. 5 Sapagka't aking itinakda ang mga taon ng kanilang kasamaan upang maging sa iyo'y isang bilang ng mga araw, sa makatuwid бага'y tatlong daan at siyam na pung araw: gayon mo dadanasin ang kasamaan ng sangbahayan ni Israel. 6 At muli, pagka iyong natapos ang mga ito, ikaw ay hihiga sa iyong tagilirang kanan, at iyong dadanasin ang kasamaan ng sangbahayan ni Juda; apat na pung araw, bawa't araw ay pinaka isang taon, aking itinakda sa iyo. 7 At iyong ihaharap ang iyong mukha sa pagkubkob ng Jerusalem na may lilis kang manggas; at ikaw ay manghuhula laban doon. 8 At, narito, ipinaglalatag kita ng lubid, at ikaw ay huwag magpapalikoliko mula sa isang dako hanggang sa kabila, hanggang sa matupad mo ang mga kaarawan ng iyong pagkubkob. 9 Magdala ka rin ng trigo, at ng cebada, at ng habas, at ng lentejas, at ng mijo, at ng espelta, at ilagay mo sa isang sisidlan, at gawin mong tinapay; ayon sa bilang ng mga araw na iyong ihihiga sa iyong tagilirang, sa makatuwid бага'y tatlong daan at siyam na pung araw, iyong kakanin yaon. 10 At ang iyong pagkain na iyong kakanin ay magiging ayon sa timbang, dalawang pung siklo isang araw: araw-araw ay iyong kakanin. 11 At ikaw ay iinom ng tubig ayon sa takal, na ikaanim na bahagi ng isang hin: araw-araw ikaw ay iinom. 12 At iyong kakanin parang mga munting tinapay na cebada, at iyong lulutuin sa dumi na galing sa tao sa kanilang paningin. 13 At sinabi ng Panginoon, Ganito kakanin ng mga anak ni Israel ang kanilang maruming tinapay, sa gitna ng mga bansa na aking pagtatabuyan sa kanila. 14 Nang magkagayo'y sinabi ko, Ah Panginoong Dios! narito, ang aking kaluluwa ay hindi nadumhan, sapagka't mula sa aking kabataan hanggang ngayon ay hindi ako kumain ng namamatay sa sarili, o nilapa ng mga hayop; o pumasok man ang kasuklamsuklam na karne sa aking bibig. 15 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Tingnan mo, ibinigay ko sa iyo'y dumi ng baka na kahalili ng dumi ng tao, at iyong ihahanda ang iyong tinapay sa ibabaw niyaon. 16 Bukod dito'y sinabi niya sa akin, Anak ng tao, narito, aking babaliin ang tungkod ng tinapay sa Jerusalem: at sila'y magsisikain ng tinapay ayon sa timbang, at may pagkatakot; at magsisiinom sila ng tubig ayon sa takal, at manglulupaypay: 17 Upang sila'y mangailangan ng tinapay at tubig, at manglupaypay na magkakasama, at manganlata sa kanilang kasamaan." (Ezekiel 1-17 KJV) Ito ay isang tunay na pangyayari at hindi lamang isang pabula. Hiniling kay Ezekiel ng Dios na humiga sa kanyang tagilirang 390 araw at pagkatapos ay sa kabilang panig 40 araw, at siya ay hiniling na maghanda ng napakasimpleng pagkain mula sa mga butil. Ang pagkain at inumin ay katumbas ayon sa timbang at ang dami ay mas mababa kaysa sa pag inom ng isang normal na tao. Hiniling sa kanya ng Diyos na kumain ng 20 siklo bawat araw na katumbas ng 228.4 gramo, at siya ay hiniling na uminom ng isang ikaanim ng isang hin na katumbas ng 611 milimetro. Sinunod ng propeta ang Salita ng Dios; sumunod siya na mahigpitan sa paggalaw, sinunod niya ang pamamaraan na iniutos ng Dios na ihanda ang kanyang pagkain at sumunod siya na kumain at uminom ng ilang dami na inilarawan ng Dios. **Hindi ko sinasabi na kailangan nating kumain at uminom ng mas kaunti ngunit kailangan nating maging sensitibo sa huwaran ng buhay na nais ng Dios na ipamuhay natin. Ano ang saysay ng pagpapakabusog sa kasakiman? Mabuhay at kumain batay sa huwaran ng buhay na nais ng Dios**

na ipamuhay natin. Si Ezekiel ay maaaring mabuhay at kumain nang mas mabuti, ngunit nanatili siya sa tagubilin ng Diyos upang maipahayag niya ang mensahe ng Diyos sa mas malinaw na paraan.

Hiniling ng Dios kay Ezekiel na maghurno ng kanyang pagkain, *“15 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Tingnan mo, ibinigay ko sa iyo'y dumi ng baka na kahalili ng dumi ng tao, at iyong ihahanda ang iyong tinapay sa ibabaw niyaon.” (Ezekiel 4:15 KJV)* * Sa panahon ngayon, lubos nasiyahan na ang mga tao sa mga handang pagkain mula sa mga restaurant na nagkakahalaga ng malaki. Mas gusto nilang magdrive thru sa Pizza Hut, KFC, Burger King, at mga naturang lugar nang hindi iniisip kung magkano ang gagastusin sa mga ito. Kailangan nating magluto at maghurno ng ating pagkain sa bahay sa halip na kumain ng mga naprosesong pagkain. * Ito ay lubos na katamaran, kamunduhan, at kawalang-bahala kung pipiliin natin ang handang pagkain. Isipin mo ang mga tao ay nakaupo sa bahay at mayroon silang lahat ng mga pasilidad para sa pagluluto ngunit gusto pa rin sila ay mag order ng matatamis at junk food para lamang sa kapakanan ng espesyal na lasa. Hindi ko rin masasabi na wala silang oras. Mga tamad lang sila. * Ang mga matatamis na pagkaing gawa sa bahay at malasa di sa mga sinanay na magluto at kumain sa kanilang tahanan at ipinangako an kanilang sarili na maging mabuting tagapangasiwa sa paningin ng Dios.

Dahil may mga taong nagtatrabaho, pakiramdam nila ay may karapatan silang magpakasaya sa buhay sa pamamagitan ng pagkain sa labas nang hindi dumadaan sa paraan ng pagluluto. Ngunit, kung ganito ang ating pamumuhay, ano nga ba ang itinuturo natin sa mga taong nakapaligid sa atin at sa mga taong nasa ilalim ng ating pangangalaga at sa ating mga pamilya at mga anak Matututo sila sa atin kung paano magsawa at mamuhay sa kalaswaan, katulad ng pamumuhay ng alibughang anak at pagsayang ng mga pinagkukunang yaman ng kanyang ama, *“12 At sinabi sa kaniyang ama ng bunso, Ama, ibigay mo sa akin ang bahagi ng iyong kayamanang nauukol sa akin. At binahagi niya sa kanila ang kaniyang pagkabuhay. 13 At hindi nakaraan ang maraming araw, ay tinipong lahat ng anak na bunso ang ganang kaniya, at naglakbay sa isang malayong lupain; at doo'y inaksaya ang kaniyang kabuhatan sa palunging pamumuhay.” (Lucas 15:12-13 KJV)*

Ang mga nabubuhay nang matipid ay magpapasa ng malinaw na mensahe sa mga tao sa paligid nila tungkol sa kahalagahan ng pangangasiwa at ang pangangailangang pangalagaan ang ating mga pinagkukunang yaman upang tayo ay makapamuhunan sa gawain ng Dios.

VI. “4 Si Juan nga ay nananamit ng balahibo ng kamelyo, at may isang pamigkis na katad sa palibot ng kaniyang baywang; at ang kaniyang pagkain ay mga balang at pulot-pukyutan.” (Mateo 3:4 KJV) Si Juan ay kumakain ng balang at pulot araw araw at masaya siyang maglingkod sa Dios at mangaral ng Kanyang Salita at payuhan ang mga tao na sumunod sa Dios. Ang pagkain na ibinigay sa kanya ng Dios ay sapat na upang matustusan ang kanyang katawan para sa Kanyang paglilingkod. Libre at available sa kanya ang pagkain na iyon kaya ginamit niya ito para sa kanyang kapakanan. **Tiyak na ang Dios ang magbibigay ng katulad na mga mapagkukunan para sa atin ngunit nagpapasalamat ba tayo sa Dios at nagpapakumbaba sa Kanyang harapan at kinakain ang ibinigay Niya sa atin nang walang pag-aalinlangan?**

VII. “1 At si Si Juan nga ay nananamit ng balahibo ng kamelyo, at may isang pamigkis na katad sa palibot ng kaniyang baywang; at ang kaniyang pagkain ay mga balang at pulot-pukyutan. 2 At sinabi ni Ruth na Moabita kay Noemi, Paparoonin mo ako ngayon sa bukid, at mamulot ng mga uhay sa likuran niyaong aking kasumpungan ng biyaya sa paningin. At sinabi niya sa kaniya, Yumaon ka, anak ko. 3 At siya'y yumaon at naparoon, at namulot sa bukid sa likuran ng mga mangaani: at nagkataong dumating sa bahagi ng lupa na nauukol kay Booz, na sa angkan ni Elimelech. 4 At, narito, si Booz ay nanagaling sa Bethlehem, at nagsabi sa mga mangaani, Ang Panginoo'y sumainyo nawa. At sila'y sumagot sa kaniya, Pagpalain ka nawa ng Panginoo. 5 Nang magkagayo'y sinabi ni Booz sa kaniyang lingkod na kaniyang katiwala sa mga mangaani, Sinong babae ito? 6 At ang lingkod na katiwala sa mga mangaani ay sumagot at nagsabi, Siya'y babang Moabita na bumalik na kasama ni Noemi na mula sa lupain ng Moab: 7 At kaniyang sinabi, Isinasamo ko sa iyong pamulutin mo ako, at papagtipunin sa likuran ng mga mangaani sa gitna ng mga bigkis. Sa gayo'y naparoon siya at nagpatuloy, sa makatuwid baga'y mula sa umaga hanggang ngayon, liban sa siya'y nagpahingang sangdali sa bahay. 8 Nang magkagayo'y sinabi ni Booz kay Ruth, Di mo ba naririnig, anak ko? Huwag kang mamulot sa ibang bukid, o lumagpas man dito, kundi manahan ka ritong malapit sa piling ng aking mga alilang babae. 9 Itanaw mo ang iyong mga mata sa bukid na kanilang inaanihan, at sumunod ka sa kanila; di ba ibinilin ko sa mga bataa na huwag ka nilang gagalawin? At pagka ikaw ay nauuhaw, pumaroon ka sa mga banga, at uminom ka sa inigib ng mga bataa. 10 Nang magkagayo'y nagpatirapa siya at yumukod sa lupa, at nagsabi sa kaniya, Bakit ako nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin na nilingap mo ako, dangang ako'y taga ibang lupa? 11 At si Booz ay sumagot at nagsabi sa kaniya, Ipinatalastas sa akin ang buong iyong ginawa sa iyong biyanan mula sa pagkamatay ng iyong asawa: at kung paanong iyong iniwan ang iyong ama at iyong ina, at ang lupang pinanganakan sa iyo, at ikaw ay naparito sa bayan na hindi mo nakilala nang una. 12 Gantihin nawa ng Panginoo ang iyong gawa, at bigyan ka nawa ng lubos na ganting pala ng Panginoo, ng Dios ng Israel, sa ilalim ng mga pakpak

niyaong iyong kakanlungan. 13 Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Makasumpong nawa ako ng biyaya sa iyong paningin, panginoon ko; sapagka't ako'y iyong inaliw, at sapagka't may kagandahang loob na pinagsalitaan mo ang iyong lingkod, bagaman ako'y hindi gaya ng isa sa iyong mga alila. 14 At sa pagkain ay sinabi ni Booz sa kaniya, Parito ka, at kumain ka ng tinapay, at basain mo ang iyong subo sa suka. At siya'y umupo sa siping ng mga mangaani: at iniabot niya sa kaniya, ang sinangag na trigo, at siya'y kumain, at nabusog, at lumabis. 15 At nang siya'y tumindig upang mamulot, ay iniutos ni Booz sa kaniyang mga bataan, na sinasabi, Pamulutin ninyo siya hanggang sa gitna ng mga bigkis, at huwag ninyo siyang hiyain. 16 At ihugot din ninyo siya ng ilan sa mga bigkis, at iwan ninyo at pamulutin niya, at huwag ninyong hiyain siya. 17 Sa gayo'y namulot siya sa bukid hanggang sa paglubog ng araw; at kaniyang hinampas yaong kaniyang napamulot, at may isang epa ng sebada. 18 At kaniyang dinala at pumasok sa bayan: at nakita ng kaniyang biyanan ang kaniyang napamulot: at kaniyang inilabas at ibinigay sa kaniya ang lumabis sa kaniya pagkatapos na siya'y nabusog.” (Ruth 2:1-18 KJV) Nagpasiya si Ruth na magtrabaho para matustusan ang pagkain para sa kanyang sarili at sa kanyang biyenang. Nagpasiya siya at handa siyang mag ani pagkatapos ng mga mang-aani at pumili ng mga tira na inilaan ng Dios para sa mga maralita. Batid niya kung saan makakakita ng kanyang pagkain batay sa Salita ng Dios. “9 At pagka gagapas kayo ng mga uhay sa inyong lupain, ay huwag ninyong pakakagapasin ang mga sulok ng inyong bukid, ni huwag ninyong pamulutan ang inyong lupang ginapasan. 10 At huwag ninyong sisimutin ang inyong ubasan, ni huwag ninyong pupulutin ang bungang nahulog sa inyong ubasan; sa dukha at sa taga ibang bayan, pababayaan ninyo: ako ang Panginoon ninyong Dios.” (Levitico 19:9-10 KJV) “22 At pagka inyong aanihin ang ani sa inyong lupain, ay huwag ninyong pakakaanihin ang mga sulok ng inyong bukid, ni pamulutan ang inyong naanihan: sa dukha at sa taga ibang lupa inyong ititira: ako ang Panginoon ninyong Dios.” (Levitico 23:22 KJV) “21 Pagka ikaw ay namimitas sa iyong ubasan, ay huwag mong pupulutin ang nasa likuran mo; magiging sa taga ibang bayan, sa ulila, at sa babaing bao. “ (Deuteronio 24:21 KJV) Ang inilaan sa kanya at sa kanyang biyenang bilang bahagi ng pagkain ay kukunin sa pamamagitan ng pag-aani pagkatapos ng mga taga-ani.

Inakay siya ng Panginoon sa tamang bukid upang mag aniat nagsikap siya mula umaga hanggang gabi, araw-araw sa iisang lugar, sa bukid ni Boaz “23 Sa gayo'y nakipisang maliksi na kasiping ng mga alila ni Booz, upang mamulot hanggang sa katapusan ng pagaani ng sebada at pagaani ng trigo; at siya'y tumahang kasama ng kaniyang biyanan.” (Ruth 2:23 KJV) Makikita natin sa talata sa baba kung anong uri ng pagkain ang kinain niya sa oras ng kanyang pananghalian, “14 At sa pagkain ay sinabi ni Booz sa kaniya, Parito ka, at kumain ka ng tinapay, at basain mo ang iyong subo sa suka. At siya'y umupo sa siping ng mga mangaani: at iniabot niya sa kaniya, ang sinangag na trigo, at siya'y kumain, at nabusog, at lumabis.” (Ruth 2:14 KJV) Ang kanyang pagkain ay tinapay, suka, at mais, at ang kanyang inumin ay tubig lamang, “9 Itanaw mo ang iyong mga mata sa bukid na kanilang inaanihan, at sumunod ka sa kanila; di ba ibinilin ko sa mga bataan na huwag ka nilang gagalawin? At pagka ikaw ay nauuhaw, pumaroon ka sa mga bangka, at uminom ka sa inigib ng mga bataan.” (Ruth 2:9 KJV) Nang siya ay kumain, siya ay nabusog, siya ay may tirang pagkain na dinala niya kay Noemi, ang kanyang biyenang, “at kaniyang inilabas at ibinigay sa kaniya ang lumabis sa kaniya pagkatapos na siya'y nabusog.” (Ruth 2:18 KJV) Inilaan ni Ruth ang natirang pagkain at ibinigay ito kay Noemi dahil naniniwala siya na iyon ang probisyon ng Dios para sa kanyang biyenang. Ang kahulugan ng Noemi ay ‘**pinagpala**’, at mapalad na kumain ng natitira at matuto kung paano mag-apon at maging isang mabuting katiwala. Ang mga nag iingat ng mga natirang pagkain ay matatalinong tao. Sa paggawa nito, nagbibigay sila ng pagkain para sa isa pang bibig.

Ang mga taong magaling sa pag iingat ng mga natirang pagkain ay magaling mag ipon.

Ngunit

Yung mga magaling magtapon ng tiring pagkain ay mahina sa pag iipon.

Sa aking Mahal at Minamahal: Lahat ng mga tauhan sa Bibliya na nabanggit sa itaas, ay tinanggap hindi lamang ang pagkain na ibinigay sa kanila ng Dios kundi pati na rin ang plano at kalooban ng Dios para sa kanilang buhay. Ganun din dapat sa buhay natin. Kailangan nating magbitiw sa ating sarili sa probisyon, kalooban, at plano ng Dios nang may pasasalamat sa ating puso at paglingkuran Siya. Mas mabuting magpakumbaba tayo sa harap ng Dios bago Niya tayo pakumbabain. Humingi tayo ng tawad sa Dios sa lahat ng ating kasalanan lalo na sa ating pagrereklamo sa pagkain at sa Kanyang magagandang plano para sa atin. Sa halip na magreklamo, hilingin natin sa Dios na bigyan tayo ng tiyaga, pagpipigil sa sarili, at pagtitiyaga na tanggapin ang disiplinang ipinagkaloob Niya sa atin at tiisin ito upang matupad ang Kanyang plano sa ating buhay.

Manalangin tayo ...

Ang aking Panalangin: Amang Dios ay lumalaput sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan na nabuhay na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa tagubilin na natanggap ko mula sa iyong Salita tungkol sa pagkain, at salamat sa uri ng pagkain na iyong ibinibigay araw araw para sa akin

upang kumain. Panginoon salamat sa lahat ng pagwawasto, pagsaway at payo na natanggap namin ngayon mula sa iyong Salita.

Ipagtapat at talikuran ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong pagrereklamo sa Dios at sa iba, na napakapili sa pagkain na iyong kinakain. Ipagtapat ang iyong masamang pangangasiwa at pag aaksaya ng maraming pera sa pagkain para lamang sa panlasa. Magsisi sa pag aaksaya ng maraming pera sa hindi pagluluto sa bahay kundi pagbili ng gawang pagkain at pag kain sa mga restaurant. Ipagtapat at talikuran ang paggawa ng iyong sariling kalooban at hindi ang kalooban ni ang plano o ang estilo ng buhay na itinakda ng Dios para sa iyo na mabuhay. Ipagtapat at talikuran ang iyong kapalaluan at kamunduhan. Ipagtapat at talikuran ang iyong hindi pagpayag na magdusa para kay Cristo at maglingkod sa Diyos sa paraang nais Niyang paglingkuran mo Siya. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon Ipinagkakaloob ko ang aking sarili sa pagtuturo at sa mga alituntuning natanggap ko sa mensaheng ito mula sa inyo. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na maging mapagpasalamat at tanggapin ang pang-araw-araw na pagkain na ibinigay mo sa akin at ang estilo ng buhay na nais mong isapamuhay ko. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na kainin ang mga natirang pagkain, iwasan ang pagkain ng mamahaling pagkain, magluto sa bahay at iwasan ang pagbili ng gawang pagkain at pag kain sa mga restaurant. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na yumaon sa lugar na isinusugo mo ako a upang magturo sa mga tao.

Panginoon salamat sa mga Kapatid ko na nag alay ng buhay sa iyo at handang sumabay sa turo na natanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon patuloy kang maglaan para sa kanila, suportahan sila, at itaguyod ang kanilang mga pamilya at ministeryo upang patuloy silang maglingkod sa iyo.

Panginoon kami bilang iyong simbahan, nangangako kami na ipatupad ang turo na natanggap namin sa mensaheng ito, na kainin ang pagkain na inilaan mo para sa amin at iwasang gumastos ng malaki sa mahal at handa-gawa na pagkain at pagkain sa mga restawran. Panginoon ipinangako namin an gaming sarili na magsunod ng mabuting halimbawa sa iba upang sundin ka. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang pumunta at mag ebanghelyo, at gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa upang pumunta at magtanim ng higit pang mga pag aaral sa Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay na at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com